

Gabay para sa National Health Insurance ng Nagoya City (Summary Version)

1 Tungkol sa Pag-apply ng National Health Insurance

(1) National Health Insurance (Kokumin Kenko Hoken)

Ang mga taong naninirahan sa Japan, anuman ang nasyonalidad ay obligadong pumasok sa alinmang pampublikong health insurance. Sa pamamagitan ng pagbabayad ng insurance ng lahat ng mga miyembro nito, magiging 30% lamang ng halaga ang babayaran sa ospital.

(2) Pag-apply ng National Health Insurance

Sa mga dayuhang may visa ng mahigit sa tatlong buwan ay kinakailangang pumasok sa National Health Insurance. Sa batas ng Japan, hindi boluntaryo o hindi optional ang pagpasok. **Ito ay kinakailangan at isang obligasyon.**

(3) Isagawa ang Pag-apply ng National Health Insurance sa Loob ng 14 na Araw

Sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng paglipat ng tirahan sa Nagoya City, pumunta sa Health Insurance and Pension Division (Hoken Nenkin Ka) ng ward office ng tinitirahang distrito o sa Residents' Welfare Division (Kumin Fukushi Ka) ng branch office para sa aplikasyon ng National Health Insurance.



◆ Kapag naantala o nahuli ang pag-apply...

- Magagamit lamang ang Sertipiko ng Kwalipikasyon sa Seguro sa Kalusugan mula sa araw ng aplikasyon.
- Kailangan din bayaran ang mga panahong hindi nakapagbayad simula sa buwan ng paglipat sa Nagoya City.

2 Paraan ng Paggamit ng Health Sertipiko ng Kwalipikasyon sa Seguro sa Kalusugan (Hokensho)

- Ipakita ang Sertipiko ng Kwalipikasyon sa Seguro sa Kalusugan tuwing magpapakonsulta sa ospital o klinika. Kapag ipinakita ang Sertipiko ng Kwalipikasyon sa Seguro sa Kalusugan, magiging 30% lamang ng halaga ang iyong babayaran sa ospital o klinika.
- Ipinagbabawal ng batas ang panghihiram at pagpapahiram sa ibang tao ng Sertipiko ng Kwalipikasyon sa Seguro sa Kalusugan.
- Matatanggap ang Sertipiko ng Kwalipikasyon sa Seguro sa Kalusugan sa ward office (branch) ng tinitirahang distrito.
- Kapag magiging malaki ang halaga ng babayaran sa pagpapagamot, humingi ng Eligibility Certificate for Ceiling-Amount Application (Gendogaku Tekiyo Ninteisho) sa ward office (branch) ng tinitirahang distrito. Sa pagpapakita nito at ng Sertipiko ng Kwalipikasyon sa Seguro sa Kalusugan sa ospital, mababawasan ang halaga ng iyong babayaran sa pagpapagamot.



※Kapag may hindi nabayaranang bayad sa insurance, hindi magagamit ang Eligibility Certificate for Ceiling Amount Application.

3 Kompyutasyon ng bayad sa National Health Insurance

(1) Pagkompyut at Pagtakda ng bayad sa Insurance

- Ang bayad sa insurance ay binubuo ng per capita amount (batay sa dami ng bilang ng taong nasa insurance) at ng income-based amount (batay sa kita o income).
- Tuwing buwan ng Hunyo itinatakda ang babayaranang halaga sa insurance at padadalhan kayo ng notice sa pagbayad nito.
- ※ Ang halaga ng babayaran sa insurance ng taon ay ipapaalam sa susunod na buwan ng araw ng iyong aplikasyon.



Sa kanan, makikita ang halimbawa ng kompyutasyon na kapag nadagdagan ang kita (income) ng nakaraang taon, (Sa susunod na taon simula sa buwan ng Hunyo) tataas ang halaga ng babayaran sa insurance.

Halimbawa ng kompyutasyon ng Bayad sa Insurance

(Kung sa one-person household na may edad na 40 taong gulang pababa)

- ◆ Model Case① (Kapag ang kita ng nakaraang taon ay 1,080,000 yen) ⇒ **Mga 1,600 yen** bawat buwan
- ◆ Model Case② (Kapag ang kita ng nakaraang taon ay 1,500,000 yen) ⇒ **Mga 8,500 yen** bawat buwan
- ◆ Model Case③ (Kapag ang kita ng nakaraang taon ay 2,000,000 yen) ⇒ **Mga 14,400 yen** bawat buwan

(2) Pagbabawas ng bayad sa Insurance

Kung ang kita noong nakaraang taon ay mas mababa sa nakatakdang halaga ng kita, awtomatikong bababa ang halaga ng bayad sa insurance.

(3) Pagbabawas at Pagbibigay ng Exemption ng Pagbayad sa Insurance

Para makatanggap ng pagbabawas at pagbibigay ng exemption sa pagbayad ng insurance,

- ① Kailangang nasasakop sa mga itinakdang criteria o kondisyon.
- ② Kailangang pumunta sa ward office (branch) para sa aplikasyon.

◆ Pangunahing Halimbawa ng Sistema ng Pagbabawas at Pagbibigay ng Exemption ng Bayad sa Insurance

- **【Sharp Decline in Income】** …Kung ang kita ng ngayong taon ay bababa ng

malaki kumpara sa nakaraang taon, mababawas ng 30%~70% ng income-based amount ang bayad sa insurance.



Kung ang iyong kita ay hindi bumaba ng malaki, kailangang bayaran ang karagdagang bayad ng insurance simula sa susunod na taon.

4 Pagbayad sa Insurance

- Kailangan bayaran ang buwanang bayad sa insurance kada buwan.
- Bayaran ang insurance sa pamamagitan ng automatic bank transfer na kung saan mababawas ang bayad ng insurance sa iyong bank account.
- Kailangan ang cash card sa aplikasyon ng automatic bank transfer kaya dalhin ang iyong cash card kapag pumunta sa ward office.
- Ang bayad sa insurance ay mababawas **huling ng buwan.**

(Kapag sarado ang bangko sa huling araw ng buwan, mababawas ito sa kasunod na ordinaryong araw o ng bukas ng bangko)

- Habang hindi pa nagsisimula ang paraan ng pagbawas sa bangko, bayaran ang insurance sa pamamagitan ng payment slip.



- ◆ Ang pagbayad sa insurance ay isang obligasyon na tulad din ng pagbayad sa tax.

- ◆ Maaaring mag-aplay para sa kouzafurikae o direct debit mula sa website ng ilang pampinansiyal na institusyon.

5 Kapag Hindi Nakapagbayad ng Insurance

- Maaaring makatanggap ng tawag sa trabaho.
- Magkakaroon ng multa o madadagdagan ang halaga ng babayaranang insurance.
- Maaaring makumpiska ang mga pinanghahawakang ari-arian bilang kabayaran.
- Maaaring hindi na makapag-renew pa ng residence card.



くわしくはこちら（日本語）→



- ◆ Para sa Katanungan, Makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Seguro at Pensiyon sa Munisipyo ng Tinitirahang Distrito o sa Sangay ng Opisina ng Dibisyon para sa Kapakanan ng mga Mamamayan
- ◆ Basahin ang QR code sa kanan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa National Health Insurance.